© IJARW | ISSN (O) - 2582-1008
August 2026 | Vol. 8 Issue. 2
www.ijarw.com

# PAGTATAYANG NAKABATAY SA PAGGANAP TUNGO SA SELF-EFFICACY NG MGA MAG-AARAL SA PAGKATUTO NG WIKA

*Rofelyn B. Sumihong[1], Rowena D. Malate[2], Elyeza Veth L. Nillas[3], Alexa Grace V. Telic[4], Kimberly E. Tejero[5], Maricris M. Cañeda[6], Jinky A. Literatus [7]*

*Don Carlos Polytechnic College, Purok 2, Población Norte, Don Carlos, Bukidnon 8712, Philippines*

**ABSTRACT**

***Sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, may kakulangan pa sa mga pag-aaral na tumutukoy sa ugnayan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy sa pagkatuto ng wika. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng PBA at self-efficacy at ang ugnayan ng dalawang baryabol. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptib-korelasyonal at cross-sectional na disenyo sa pamamagitan ng sarbey-kwestyoneyr sa 88 na kabuuang respondente ng piling mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Don Carlos Polytechnic College. Sinuri ang datos gamit ang Pearson correlation. Ipinakita ng resulta na ang antas ng PBA ay mataas, lalo na sa aspektong pagbibigay ng feedback. Natuklasan din na mataas ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Higit pa rito, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng PBA at self-efficacy ($r = 0.704$, $p < 0.05$). Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang mas epektibong pagpapatupad ng PBA ay nakatutulong sa pagpapataas ng kumpyansa ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ng wika. Samakatuwid, mahalagang patuloy na pagyamanin ang PBA bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapalakas hindi lamang ang kasanayan kundi pati ang self-efficacy ng mga mag-aaral.***

***Keyword: Self-efficacy, Pagtatayang Nakabatay sa Pagganap, Mag-aaral, Estratehiya, Pagkatuto ng Wika***

## 1. INTRODUCTION

Sa patuloy na pagbabago ng sistema ng edukasyon, binibigyang-diin ang paggamit ng mga alternatibong paraan ng pagtataya na nakatuon sa aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral. Isa sa mga pamamaraang ito ang pagtatayang nakabatay sa pagganap na gumagamit ng mga gawaing tulad ng presentasyon, proyekto, at iba pang makabuluhang gawain upang masukat ang kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Kaugnay nito, mahalagang matukoy kung paano nakaaapekto ang ganitong uri ng pagtataya sa paniniwala ng mag-aaral sa sariling kakayahan, na itinuturing na mahalagang salik sa akademikong tagumpay (Bandura, 1997).

Sa larangan ng pagkatuto ng wika, ipinakita sa ilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na self-efficacy ay mas nagiging aktibo, masigasig, at may kumpiyansa sa paggamit ng wika. Gayunpaman, marami pa ring mag-aaral ang nakararanas ng mababang kumpiyansa dahil sa takot sa pagkakamali at limitadong pagkakataong maipakita ang kanilang kakayahan (Al-Hoorie & Szabó, 2019). Dahil dito, mahalagang suriin kung may kaugnayan ang paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagpapaunlad ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

Ayon kina Zimmerman at Schunk (2020), ang mataas na antas ng ay may positibong epekto sa motibasyon, pagsisikap, at pagpupunyagi ng mga mag-aaral sa mga gawaing akademiko. Samantala, binigyang-diin nina Andrade at Brookhart (2019) na ang malinaw na pamantayan at makabuluhang feedback sa gawaing pagganap ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang kalakasan at kahinaan sa pagkatuto.

Bagaman may mga umiiral nang pag-aaral tungkol sa pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy, karamihan sa mga ito ay isinagawa sa mga dayuhang konteksto at nakatuon sa antas sekundarya. Sa lokal na konteksto, limitado pa rin ang mga pag-aaral na sumusuri sa ugnayan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral sa antas ng tersyarya, partikular sa larangan ng pagkatuto ng wika sa mga pampublikong institusyong pang-edukasyon. Dahil dito, nananatiling may kakulangan sa empirikal na datos na maaaring magsilbing

batayan sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtataya at pagtuturo sa kolehiyo. Iminungkahi nina Lee at Kim (2022) ang pangangailangan ng mas maraming lokal na pananaliksik upang higit na maunawaan ang impluwensiya ng mga pamamaraang pagtataya batay sa kontekstong pangkultura at pang-edukasyon ng mga mag-aaral.

Layunin ng pag-aaral na ito na: (1) matukoy ang antas ng paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika batay sa: a) pagpaplano, b) pagpapatupad, c) pagtataya, at d) pagbibigay ng feedback; (2) matukoy ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika batay sa: a) akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika, b) kumpiyansa sa pagsasagawa ng mga gawaing pangwika, at c) kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika; at (3) malaman kung may makabuluhang ugnayan ang pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Nakabatay ito sa teorya ng self-efficacy ni Bandura (1997) na nagsasaad na ang matagumpay na karanasan sa pagganap ay nakapagpapataas ng paniniwala ng isang indibidwal sa sariling kakayahan.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Don Carlos Polytechnic College sa taong panuruan 2025–2026 at nilahukan ng mga mag-aaral na kumukuha ng mga asignaturang may kaugnayan sa pagkatuto ng wika. Inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mahahalagang datos hinggil sa ugnayan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy na maaaring magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtataya at pagtuturo ng wika sa antas tersyarya.

### *1.1 Suliranin ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang Pagtatayang Nakabatay sa Pagganap Tungo sa Self-Efficacy ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Wika. Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na tanong :

1. Ano-ano ang mga antas ng paggamit ng Pagtatayang Nakabatay sa Pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa:
    a. Pagpapalano;
    b. Pagpapatupad;
    c. Pagtataya; at
    d. Pagbibigay Feedback?
2. Ano-ano ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika batay sa:
    a. akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika;
    b. kumpiyansa sa pagsasagawa ng mga gawaing pangwika; at
    c. kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika?

## 2. METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng metodolohiya ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral. Kinapapalooban ito ng disenyo ng pananaliksik, lugar ng pag-aaral, mapa ng pook ng pag-aaral, mga respondente sa pag-aaral, pamamaraan ng pagpili ng respondente ng pag-aaral, instrumento ng pananaliksik, pamamaraan ng pangangalap ng datos, istatistikal na pagsusuri ng mga datos, at etikal na konsiderasyon.

### *2.1 Disenyo ng Pag-aaral*

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptibo-korelasyonal at cross-sectional. Layunin ng pag-aaral na suriin ang ugnayan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap tungo sa self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat kinuha ang impormasyon mula sa isang populasyon sa iisang takdang panahon lamang na nagbigay ng malinaw na paglalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng mga baryabol at sinusuri kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga ito nang hindi binabago ang natural na sitwasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral

### *.2.2 Lugar ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Don Carlos Polytechnic College, partikular sa mga mag-aaral ng tersyarya na kumukuha ng medyor sa Filipino. Ang paaralang ito ay pinili ng mga mananaliksik bilang lugar ng pananaliksik dahil sa kaugnayan nito sa layunin ng pag-aaral at sa kakayahang magbigay ng sapat na bilang ng mga respondente na gumagamit ng pagtatayang nakabatay sa

pagganap sa pagkatuto ng wika, na mahalaga sa pangangalap ng mga kinakailangang datos.

### *2.3 Respondente ng Pag-aaral*

Ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay binubuo ng (88) na mga mag-aaral sa kursong Batsilyer sa Sekundaryang Pang-edukasyon Medyor sa Filipino. Ang mga respondente ay mula sa unang taon na may (46) na mag-aaral at (42) naman ang mula sa ikalawang taon. Sila ay napili upang matiyak ang representasyon ng target na populasyon na may kaugnayan sa pagtatayang nakabatay sa pagganap tungo sa self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Ang pagpili sa mga mag-aaral na ito ay batay sa kanilang karanasan at kaalaman sa larangan ng edukasyon at wika.

### *2.4 Pagsasaayos ng Datos*

Matapos makalap ang mga datos, isinagawa ang pagsasaayos nito sa pamamagitan ng pagtatally ng mga sagot ng bawat respondente sa talatanungan kaugnay ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy sa pagkatuto ng wika. Ang bawat tugon ay binilang at inipon upang matukoy ang dalas at kabuuang distribusyon ng mga sagot sa bawat pahayag. Sa pamamagitan ng prosesong ito, naging organisado ang mga datos at madaling nailahad sa mga talahanayan para sa mas malinaw na presentasyon

### *2.5 Paraan ng Pagpili ng Respondente*

Sa pag-aaral na ito ginamit ang purposive sampling bilang paraan upang matiyak na ang mga respondente ay nagtataglay ng mga partikular na katangiang direktang sasagot sa mga layunin ng pananaliksik. Ang pamamaraang ito ang pinakamangkop dahil nilalayon nitong kunin ang mga respondenteng may malalim at aktwal na karanasan sa pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika, upang makapagbahagi sila ng makabuluhang impormasyon patungkol sa epekto nito sa kanilang self-efficacy. Upang maging sistematiko ang proseso, ang pagpili ay ibinatay sa mga sumusunod na pamantayan: una, ang mga respondente ay dapat na kasalukuyang mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College na kumukuha ng Medyor sa Filipino. Ikalawa, may direkta at aktwal silang karanasan sa mga gawaing gumagamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa kanilang mga asignatura sa wika tulad ng Filipino.

### *2.6 Instrumento ng Pag-aaral*

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pag-aaral na ito ay isang talatanungan na binuo ng mga mananaliksik batay sa mga umiiral na teorya at mga kaugnay na literatura hinggil sa pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy. Ang talatanungan ay hinati sa dalawang pangunahing seksyon: ang unang bahagi ay sumusukat sa antas ng paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral, samantalang ang ikalawang bahagi naman ay nagtataya sa antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

Upang matiyak ang kalidad at katapatan ng instrumento, dumaan ito sa masusing proseso ng balidasyon at reliability test. Unang isinagawa ang content validation sa tulong ng tatlong eksperto sa larangan ng wika at pananaliksik upang suriin ang kaangkupan at kalinawan ng mga aytem. Matapos ilapat ang mga mungkahi at rebisyon ng mga eksperto, isinagawa ang isang pilot testing sa tatlumpung mag-aaral na may katulad na katangian ngunit hindi kasali sa opisyal na mga respondente. Ang mga nakalap na datos mula sa pilot testing ay isinalang sa reliability analysis gamit ang Cronbach's Alpha. Ang nakuha nitong kabuuang alpha coefficient na .910 ay nagpapatunay na ang instrumento ay may napakataas ng reliability, na nagpapahintulot sa mananaliksik na pormal at ligtas itong ipamahagi sa mga aktwal na respondente ng pag-aaral.

### *2.7 Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Ang mga mananaliksik ang mismong kumalap ng mga impormasyon upang lubos na maunawaan ang mga saklaw at mga posibilidad sa pag-aaral upang matiyak ang kalidad ng ipipresentang datos.

Bago pinamahagi ang talatanungan, humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik sa kinauukulan at pinaliwanag sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral. Tiniyak na ang kanilang mga sagot ay mananatiling lihim at gamitin lamang para sa layuning pang-akademiko. Ang pagsagot sa talatanungan ay kusang-loob at walang anumang pamimilit.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ng mga mananaliksik ang isang talatanungan na binubuo ng mga pahayag na nakaayos sa Likert Scale. Ang talatanungan ay dinisenyo upang mapadali ang

pagsagot ng mga respondente at maging episyente ang pangangalap ng impormasyon.

Matapos makolekta ang mga sagot, ang mga datos ay isinailalim sa Correlation Analysis upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Ang mga nakalap na datos ay ginamit bilang batayan sa pagsusuri at interpretasyon ng resulta ng pag-aaral.

### *2.8 Istatistikal na Pagsusuri ng mga Datos*

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng iba't ibang pamamaraang estadistikal upang sukatin at ilarawan ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente. Upang ilarawan ang antas ng Pagtatayang nakabatay sa Pagganap at Self-Efficacy ng mga mag-aaral, ginamit ang descriptive statistics, kabilang ang Mean, at Percentage. Ang pamamaraang ito ay nagsisilbing batayan sa paglalarawan ng pangkalahatang tugon ng mga respondente sa bawat pahayag sa talatanungan.

I. Deskripsyon at interpretaston ng mga datos sa pagtatayang nakabatay sa pagganap

| Scale | Range | Kwantatibong Deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.50-5.00 | Lubos na sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 4 | 3.50-4.49 | Sumasang-aayon | Madalas na naisasagawa |
| 3 | 2.50-3.49 | Hindi makapagpasya | Paminsan-minsang naisasagawa |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi sumasang-aayon | Bihirang naisasagawa |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na hindi sumasang-ayon | Hindi naisasagawa |

II. Deskripsyon at interpretaston ng nga Datos sa Self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

| Scale | Range | Kwantitatibong Deskripsiyon | Kwantitatibong Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.50-5.00 | Lubos na sumasang-ayon | Lubos na sumasang-ayon |
| 4 | 3.50-4.49 | Sumasang-ayon | Sumasang-ayon |
| 3 | 2.50-3.49 | Hindi makapagpasiya | Hindi makapagpasiya |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi sumasang-aayon | Hindi sumasang-aayon |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na Hindi Sumang-aayon | Lubos na Hindi Sumang-aayon |

### *2.9 Etikal na Konsiderasyon*

Sa pag-aaral na ito, siniguro ng mga mananaliksik ang mahigpit na pagsunod sa mga etikal na prinsipyo upang mapanatili ang pagiging makatarungan, tapat, at responsable sa pangangalap, pagsusuri, at pag-iingat ng datos. Bago sinimulan ang pananaliksik, ipinaliwanag sa mga respondente ang tunay na layunin ng pag-aaral, ang saklaw ng kanilang paglahok, at kung paano gagamitin ang kanilang impormasyon sa pamamagitan ng isang Informed Consent Form.

Upang matiyak ang pagiging kompidensyal at proteksyon sa pagkakakilanlan ng mga kalahok, walang anumang personal na impormasyon tulad ng pangalan, edad, at kasarian ang hiningi ng mga mananaliksik. Ang mga nakalap na datos ay nakatuon lamang sa mga sagot na may kaugnayan sap ag-aaral at ginamit lamang para sa layuning pang-akademiko. Ang lahat ng kopya ng mga sagot ay inilagay sa isang ligtas na lalagyan upang maiwasan ang anumang hindi awtorisadong paggamit o pagkalat ng impormasyon, alinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

## 3.PRESENTASYON, AT INTERPRETASYON SA MGA DATOS

Sa kabanatang ito ay ilalahad ang mga nakalap na datos mula sa isinagawang sarbey upang masuri ang pagtatayang nakabatay sa pagganap tungo sa self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

### Ang Antas ng Pagtatayang Nakabatay sa Pagganap sa Pagkatuto ng

### Wika ng mga Mag-aaral

Sa bahaging ito, tatalakayin ang resulta ng isinagawang sarbey kaugnay sa paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral. Layunin ng pagsusuring ito na maisa-isa ang mga antas ng paggamit nito batay sa pagpaplano, pagpapatupad, pagtataya, at pagbibigay ng feedback. Ipinapakita sa mga datos kung paano naipatutupad ang bawat aspekto at kung paano ito nakatutulong sa pangkalahatang paglinang ng kasanayan sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral.

### Nakabatay sa Pagganap sa Pagpaplano

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa aspekto ng pagpaplano. Inilalahad dito kung paano inihahanda ng mga guro ang mga gawaing pangganap sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na layunin, pamantayan, gabay, at inaasahang output bago isagawa ang mga gawain.

Talahanayan 1. Antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa pagpaplano.

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Pinaliliwanag ng guro ang kahalagahan ng performance task bago magsimula ang gawain. | 4.65 | Lubos na sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 2. Ipinapakita sa amin ang rubrik o pamantayan bago simulan ang gawain. | 4.56 | Lubos na sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 3. May gabay na ibinibigay bago simulan ang gawain. | 4.45 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 4. Ipinapaalam nang maaga ang iskedyul ng performance task. | 4.40 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 5. Ang performance task ay naayon sa aralin sa asignaturang wika. | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 6. Malinaw ang layunin ng performance task bago ito isagawa. | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 7. Naiintindihan ko kung paano ako bibigyan ng marka sa performance task. | 4.36 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 8. May halimbawang ipinapakita bago gawin ang performance task. | 4.36 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 9. Alam ko kung ano ang inaasahang output bago ko simulan ang gawain. | 4.31 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 10. May malinaw na hakbang sa pagsasagawa ng performance task. | 4.26 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 11. May sapat na oras na inilaan para sa paghahanda ng gawain. | 4.20 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 12. Ang gawain ay naaayon sa aking antas ng kakayahan | 4.17 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Kabuuang Mean | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |

Legend:

| Scale | Range | Kwantatibong Deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.50-5.00 | Lubos na sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 4 | 3.50-4.49 | Sumasang-aayon | Madalas na naisasagawa |
| 3 | 2.50-3.49 | Hindi makapagpasya | Paminsan-minsang naisasagawa |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi sumasang-aayon | Bihirang naisasagawa |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na hindi sumasang-ayon | Hindi naisasagawa |

Ipinapakita sa talahanayan na ang antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa pagpaplano ay may kabuuang mean na 4.37. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing may kaugnayan sa pagpaplano ng gawaing pagganap ay karaniwang naipatutupad ng mga guro sa pagtuturo ng wika.

Pinakamataas ang mean ng pahayag na "Pinaliliwanag ng guro ang kahalagahan ng performance task bago magsimula ang gawain" na may mean na 4.65. Mataas ang resulta nito dahil binibigyang-diin ng mga guro ang pagpapaliwanag ng layunin at kahalagahan ng gawain upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang gagawin. Kapag malinaw sa mga mag-aaral ang layunin ng gawaing pagganap, nagiging mas handa at organisado sila sa pagsasagawa nito.

Mataas din ang mean ng pahayag na "Ipinapakita sa amin ang rubrik o pamantayan bago simulan ang gawain" na may mean na 4.56. Nagpapakita ito na mahalaga para sa mga guro ang pagbibigay ng malinaw na pamantayan upang malaman ng mga mag-aaral kung paano sila mamarkahan at kung ano ang inaasahang kalidad ng kanilang output. Dahil dito, nagiging mas malinaw ang direksyon ng gawain at nababawasan ang kalituhan ng mga mag-aaral.

Samantala, pinakamababa naman ang mean ng pahayag na "Ang gawain ay naaayon sa aking antas ng kakayahan" na may mean na 4.17. Nagpapakita ito na may ilang mag-aaral na nahihirapang makasabay sa ilang gawaing pagganap dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang kakayahan at antas ng kahandaan. Bagama't maayos ang pagpaplano ng mga gawain, mahalaga pa ring mas maiangkop ang mga ito sa kakayahan ng bawat mag-aaral.

Batay sa resulta ng pag-aaral, mahalaga ang maayos na pagpaplano sa matagumpay na pagpapatupad ng pagtatayang nakabatay sa pagganap. Ang malinaw na pagpapaliwanag ng gawain at pagbibigay ng rubrik ay nagiging daan upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang proseso at inaasahang output ng gawaing pagganap. Dahil dito, nagiging mas mataas ang kanilang kahandaan at partisipasyon sa mga gawaing pangwika. Gayunpaman, mahalagang isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagdidisenyo ng mga gawain. Ang pag-angkop ng mga gawaing pagganap sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ay makatutulong upang higit na mapataas ang kanilang kumpiyansa at pagkatuto sa wika.

Ang natuklasan ng pag-aaral ay sinusuportahan nina Andrade et al. (2019) na nagsasaad na ang malinaw na rubrik o pamantayan ay nakatutulong upang maunawaan ng mga mag-aaral ang inaasahang kalidad ng kanilang pagganap. Ayon kina Panadero et al. (2018), ang pagbibigay ng malinaw na gabay bago ang gawain ay mahalaga upang mapataas ang kahandaan at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng gawain. Samantala, ayon kina McMillan et al. (2020), ang maayos na disenyo ng mga gawain sa pagtataya ay nakatutulong upang maging makabuluh an ang pagkatuto at mapalakas ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Pinatutunayan lamang nito na ang epektibong pagpaplano sa pagtatayang nakabatay sa pagganap ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kalidad ng pagkatuto ng wika.

### Nakabatay sa Pagganap sa Pagpapatupad

Sa talahanayang ito nilalahad kung paano aktuwal na naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga gawaing pangganap sa loob ng silid-aralan, kabilang ang kanilang pakikilahok, interaksyon,

© IJARW | ISSN (O) - 2582-1008
August 2026 | Vol. 8 Issue. 2
www.ijarw.com

pagsunod sa pamantayan, at paggamit ng kasanayan sa wika. Mahalaga ang aspektong ito sapagkat ipinakikita nito kung paano nailalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman at kakayahan sa mga makabuluhang gawaing pangwika na nakatutulong sa kanilang pagkatuto at pag-unlad.

Talahanayan 2. Antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa pagpapatupad

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Naisasagawa ko ang gawain ayon sa pamantayang ibinigay. | 4.44 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 2. Nagkakaroon ng ako interaksyon sa aking kamag-aral sa pagsasagawa ng gawain. | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 3. Aktibo akong nakikilahok sa pagsasagawa ng performance task. | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 4. Sinusubaybayan ng guro ang aming pagganap habang ginagawa ang gawain. | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 5. Naipapakita ko ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktwal na pagganap. | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 6. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang kasanayan sa wika sa aktwal na gawain. | 4.35 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 7. May sapat na oras na ibinibigay upang matapos ko ang gawain. | 4.32 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 8. Ang mga gawain ay isinasagawa sa paraang nagpapakita ng tunay na paggamit ng wika. | 4.32 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 9. Naisasagawa ko ang performance task ayon sa mga hakbang na ipinaliwanag ng guro. | 4.29 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 10. Ang performance task ay naisasagawa nang maayos ayon sa itinakdang proseso ng gawain. | 4.28 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 11. Nagkakaroon ako ng pagkakataon na magtanong habang ginagawa ang performance task. | 4.25 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 12. Nagagamit ko ang iba't ibang kasanayan sa wika habang ginagawa ang performance task. | 4.21 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Kabuuang Mean | 4.33 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |

Makikita sa talahanayang ito na ang antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap batay sa pagpapatupad ay may kabuuang mean na 4.33. Pinakamataas ang mean na 4.44 na may pahayag na "Naisasagawa ko ang gawain ayon sa pamantayang ibinigay". Malinaw na naipapaliwanag ng mga guro ang mga pamantayan at proseso ng gawain bago ito isagawa. Dahil dito, mas nagiging organisado at maayos ang pagsasagawa ng mga mag-aaral sa kanilang gawaing pagganap. Mataas din ang resulta ng interaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang kamag-aral na nakakuha ng mean na 4.39, kung saan malinaw na nagiging kolaboratibo at aktibo ang kanilang pagkatuto habang isinasagawa ang mga gawain.

Samantala, pinakamababa naman ang pahayag na "Nagagamit ko ang iba't ibang kasanayan sa wika habang ginagawa ang performance task" na may mean na 4.21. Nagpapahiwatig ito na may ilang gawain na nakatuon lamang sa isang kasanayang pangwika at hindi lubos na napagsasama-sama ang pagsasalita, pagsulat, pakikinig, at pagbasa sa iisang gawain. Ibig sabihin, bagama't epektibo ang pagpapatupad ng gawaing pagganap, mayroon pang aspekto na maaaring paunlarin upang mas maging holistiko ang paglinang ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Batay sa naging resulta, mataas ang antas ng pagpapatupad ng pagtatayang nakabatay sa pagganap dahil aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral at naisasagawa nila ang mga gawain ayon sa itinakdang pamantayan. Nagiging makabuluhan din ang pagkatuto dahil nabibigyan sila ng pagkakataong mailapat ang kanilang kaalaman sa aktwal na paggamit ng wika. Ang malinaw na pamantayan at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging mas organisado at makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagkatuto. Subalit, mahalagang higit pang paunlarin ang mga gawaing gumagamit ng iba't ibang kasanayan sa wika upang higit na malinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa iba't ibang sitwasyon.

Ang naging resulta ng pag-aaral na ito ay pinatutunayan nina Butler at Lee (2019) na nagsasabing ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa at kasanayan sa paggamit ng wika. Ayon din kina Llosa et al. (2017), ang pagtatayang nakabatay sa pagganap ay nagbibigay ng mas makatotohanang sukatan ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon dahil ito ay nakabatay sa tunay na paggamit ng wika. Kaugnay nito, binigyang-diin nina DeLuca et al. (2019) na ang patuloy na pagsubaybay at gabay ng guro sa panahon ng gawain ay mahalaga upang matiyak ang epektibong pagpapatupad ng pagtataya. Samantala, ayon kina Saito et al. (2018), ang mga gawaing nakatuon sa aktwal na paggamit ng wika ay may positibong epekto sa kakayahang komunikatibo at partisipasyon ng mga mag-aaral.

**Nakabatay sa Pagganap sa Pagtataya**

Upang higit na masukat ang pagiging epektibo ng pagtatayang nakabatay sa pagganap, mahalagang masuri kung paano isinasagawa ang mismong proseso ng pagtataya sa mga gawain ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, Inilalahad dito kung paano

sinusukat, binibigyang marka, at sinusuri ng mga guro ang pagganap ng mga mag-aaral gamit ang mga pamantayan at rubrik.

Talahanayan 3. Antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa pagtataya

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Ipinapakita ng resulta ng pagtataya ang aking tunay na antas ng pagkatuto sa wika. | 4.52 | Lubos na Sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 2. Natutukoy sa pamamagitan ng pagtataya ang mga bahagi ng aking pagkatuto sa wika na nangangailangan pa ng pagpapabuti. | 4.45 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 3. Ang pagmamarka sa aking performance task ay nakabatay sa malinaw at tiyak na pamantayan. | 4.44 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 4. Nasusukat ng pagtataya ang aking kasanayan sa pagsasalita, pagsulat, pagbasa, at pakikinig. | 4.44 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 5. Ang pagtataya ay hindi lamang nakatuon sa tamang sagot kundi sa kalidad ng aking pagganap. | 4.42 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 6. Nakatutulong ang pagtataya sa pagpapaunlad ng aking kasanayan sa wika. | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 7. Ang mga gawain sa pagtataya ay naaayon sa mga layunin ng aralin sa asignaturang wika. | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 8. Ang pagtataya ay nakatuon sa aktuwal na paggamit ng aking kasanayan sa wika. | 4.38 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 9. Ang proseso ng pagtataya ay isinasagawa nang makatarungan at obhetibo. | 4.35 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 10. Nabibigyan ako ng pagkakataong ipakita ang aking kaalaman sa iba't ibang anyo ng gawain sa pagtataya. | 4.32 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 11. Ang pamantayan ng pagtataya ay angkop sa antas ng aking kakayahan. | 4.31 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| 12. Nauunawaan ko ang layunin ng pagtataya bago simulan ang gawain sa wika. | 4.30 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Kabuuang Mean | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |

Batay sa mga nakalap na datos, ang antas ng pagtataya ay may nalikum ng kabuuang mean na 4.39. Isinasaad nito na ang mga guro ay patuloy na gumagamit ng sistematikong proseso ng pagtataya sa mga gawaing pangwika upang masukat ang pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral. Makikita sa resulta na naniniwala ang mga mag-aaral na ang pagtataya ay tunay na sumasalamin sa kanilang kakayahan sa wika. Isa rin itong palatandaan na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng malinaw na pag-unawa sa batayan ng kanilang marka at inaasahang output.

Ayon sa Assessment Theory, mahalagang maging malinaw, balido, at sistematiko ang pagtataya upang maging makabuluhan ang pagkatuto at patas ang pagsukat sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag nina Andrade at Brookhart (2019) na ang paggamit ng malinaw na rubrik at pamantayan ay nakatutulong upang mapataas ang kalidad ng pagganap at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang gawain. Inilalahad din ng resulta na ang pagtataya ay nagsisilbing paraan upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa paggamit ng kasanayang pangwika. Sa pamamagitan ng maayos na pagtataya, nagiging mas malinaw sa mga mag-aaral ang kanilang kalakasan at mga aspektong kailangan pang pagbutihin. Dahil dito, nagiging mas malinaw sa mga mag-aaral kung paano nila mapapabuti ang kanilang pagganap.

Kaugnay nito, pinagtitibay ang naturang resulta sa Self-Efficacy Theory ni Albert Bandura na nagsasabing ang positibong karanasan sa pagtataya at pagkilala sa kakayahan ng mag-aaral ay nakapagpapataas ng kanilang kumpiyansa at paniniwala sa sariling kakayahan. Sa kabilang banda, ang ilang indikasyong may bahagyang mas mababang mean ay naglalarawan na may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng mas malinaw na pagpapaliwanag at gabay sa proseso ng pagtataya. Iminumungkahi na mapanatili ang tuloy-tuloy na suporta at malinaw na pamantayan upang higit na mapahusay ang kanilang pagkatuto at partisipasyon sa mga gawaing pangwika.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay pinangangatwiranan ng mga pag-aaral ng iba't ibang mga eksperto. Ayon sa pag-aaral nina Black at William (2018) ang epektibong pagtataya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ayon naman kay Norris (2016), ang pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ay nagbibigay ng mas makatotohanang pagsusuri sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, ang pagtataya sa gawaing nakabatay sa pagganap ay epektibong naisasagawa sa pagkatuto ng wika. Ang malinaw at sistematikong proseso ng pagtataya ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayang pangwika at pagpapataas ng self-efficacy ng mga mag-aaral.

**Nakabatay sa Pagganap sa Pagbibigay ng Feedback**

Inilalahad dito kung paano nagbibigay ng puna, komento, at mungkahi ang mga guro upang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang pagganap sa mga gawaing pangwika. Ang feedback ay mahalaga sapagkat nakatutulong ito sa mga mag-aaral upang maitama ang kanilang mga pagkakamali at higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagkatuto ng wika

Talahanayan 4. Antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral batay sa pagbibigay ng feedback.

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong ang feedback ng guro upang mapabuti ang aking kakayahan sa wika. | 4.61 | Lubos na Sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 2. Nagiging gabay ko ang puna ng guro sa pagwawasto ng aking mga pagkakamali. | 4.59 | Lubos na Sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 3. Nakakatulong ang feedback upang mapaunlad ang aking estratehiya sa pag-aaral ng wika. | 4.59 | Lubos na Sumasang-ayon | Palaging naisasagawa |
| 4. Ang feedback ay isinasagawa sa paraang makatarungan at obhetibo. | 4.44 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 5. Malinaw sa akin kung paano ako binibigyan ng marka sa performance task. | 4.43 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 6. Ipinapaliwanag ng guro kung aling bahagi ng aking gawain ang dapat pang pagbutihin. | 4.43 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 7. Naiintindihan ko ang dahilan ng markang aking natatanggap. | 4.43 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 8. Hindi ako nawawalan ng loob kapag tumatanggap ako ng puna sa aking performance. | 4.43 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 9. Nauunawaan ko ang dahilan ng aking marka batay sa ibinigay na feedback. | 4.43 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 10. Ang pagtataya sa performance task ay patas at makatarungan. | 4.40 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 11. Mas nagiging kumpiyansa ako sa aking kakayahan kapag may malinaw na feedback. | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| 12. Ang pamantayan (rubrics) sa pagmamarka ay madaling maunawaan. | 4.38 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa/ |
| Kabuuang Mean | 4.46 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |

Makikita sa bahaging ito ang antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap batay sa feedback na tinatanggap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Ang mga pahayag ay nakalikum ng kabuuang mean na 4.46. Ito ay nangangahulugang ang feedback ay madalas o palaging naibibigay at nagagamit sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pinakamataas na mean ay 4.61 sa pahayag na "Nakakatulong ang feedback ng guro upang mapabuti ang aking kakayahan sa wika". Ito ay nagsasaad na lubos na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng feedback bilang pangunahing salik sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa wika. Ang feedback ay hindi lamang simpleng puna kundi isang makabuluhang instrumento sa paghubog ng kanilang pagkatuto.

Kasunod nito ang mga pahayag na may mean na 4.59 tulad ng "paggamit ng feedback bilang gabay sa pagwawasto ng mga pagkakamali" at "paggamit ng feedback sa pagpapaunlad ng estratehiya sa pag-aaral ng wika". Binibigyang diin nito na ang feedback ay may malawak na gamit sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, lalo na sa paglinang ng kanilang kasanayang kognitibo. Ang iba pang mga indikasyon ay nakakuha ng mean na mula 4.38 hanggang 4.44 na bagama't bahagyang mas mababa, nananatiling nasa mataas na antas. Ipinapakita nito na ang feedback ay naibibigay sa paraang malinaw, makatarungan, at nakatutulong upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang marka at ang mga aspetong kailangan pa nilang pagbutihin.

Ang resulta ay nagpapakita na ang feedback ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto ng wika. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagpapabuti ng kasanayan, pagwawasto ng kamalian, at pagpapaunlad ng estratehiya sa pag-aaral. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng makabuluhan, malinaw, at kapaki-pakinabang na feedback mula sa kanilang guro.

Ang feedback ay isa sa pinakamahalagang salik sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral. Ito ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kanilang kasalukuyang antas ng pagganap at ng mga inaasahang kasanayan na dapat nilang maabot. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon sa lahat ng pahayag ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng feedback, kundi aktibong ginagamit ito upang mapabuti ang kanilang mga pagkakamali, palalimin ang kanilang pag-unawa, at paunlarin ang kanilang estratehiya sa pag-aaral. Ang feedback ay may direktang impluwensiya sa paghubog ng kanilang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto. Natututo ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang sariling pagganap, tukuyin ang kanilang kahinaan, at gumawa ng mga angkop na hakbang upang mapabuti ito. Ipinapakita ng resulta na ang malinaw at makabuluhang feedback mula sa guro ay nagiging gabay ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mas epektibong paraan ng pag-aaral ng wika.

Ito ay pinatutunayan ng mga pag-aaral ng ibang mga mananaliksik. Ayon kina Hattie at Timperley (2017), ang feedback ay isa sa may pinakamataas na epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Shute (2028), ang epektibong feedback ay dapat maging malinaw, tiyak, at nakatuon sa proseso ng pagkatuto upang mas maging kapaki-pakinabang ito sa mga mag-aaral. Ayon naman kina Wisniewski et al. (2020), ang feedback ay may malakas na positibong epekto sa akademikong tagumpay, lalo na kapag ito ay napapanahon, malinaw, at may konkretong direksyon.

Ang mahusay na feedback ay hindi lamang nagwawasto ng pagkakamali kundi nagsisilbing motivator upang patuloy na pagbutihin ng mga mag-aaral ang kanilang pagganap (Brookhart, 2017). Sa resulta ng mga datos, makikita na ang epektibong feedback ay mahalagang elemento ng pagtatayang nakabatay sa pagganap na may direktang ambag sa mas mataas na antas ng pagkatuto sa wika.

Talahanayan 5. Buod ng antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap

| Sub-variable | Mean | Kwantitatibong Deskripsyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pagpaplano | 4.37 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Pagpapatupad | 4.33 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Pagtataya | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Pagbibigay Feedback | 4.46 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |
| Kabuuang mean | 4.39 | Sumasang-ayon | Madalas na naisasagawa |

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng kabuoang antas ng pagtatayang nakabatay sa pagganap batay sa apat na pangunahing aspekto: pagpapaplano, pagpapatupad, pagtataya, at pagbibigay ng feedback. Ang nakuhang kabuuang mean ay 4.39 na nagpapahiwatig na ang pagtatayang nakabatay sa pagganap ay nasa mataas na antas ng implementasyon at madalas na naisasagawa sa konteksto ng pagtuturo ng wika.

Batay sa pagsusuri, mapapansin na ang lahat ng aspekto ay magkakaparehong nasa mataas na antas na nangangahulugang ang pagtatayang nakabatay sa pagganap ay hindi lamang bihirang ginagamit na estratehiya kundi isang sistematiko at patuloy na isinasagawang bahagi ng proseso ng pagtuturo. Ipinapamalas nito na ang mga guro ay may malawak na pag-unawa at pagtanggap sa kahalagahan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap bilang isang makabuluhang paraan ng pagsukat ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa paghahambing ng mga baryabol, pinakamataas ang pagbibigay ng feedback habang pinakamababa ang pagpapatupad bagama't ang agwat sa pagitan ng mga ito ay hindi ganoon kalaki. Ipinahihiwatig nito na mas binibigyang-tuon ng mga guro ang pagbibigay ng kongkretong komento, mungkahi, at gabay sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang pagganap at matulungan silang maunawaan ang kanilang mga pagkakamali at kalakasan.

Ang mataas na antas ng pagtataya na may kabuuang mean na 4.39 ay nagpapakita na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraang sumasalamin sa aktwal na pagganap ng mga mag-aaral na higit pa sa tradisyunal na pagsusulit. Samantala, ang mataas na mean sa pagpaplano ay nagpapahayag na ang mga gawain ay maingat na inihahanda at nakabatay sa malinaw na layunin at pamantayan na kadalasang sinusuportahan ng rubrik at iba pang gabay sa pagtataya. Sa kabilang banda, ang pagpapatupad na may pinakamababang mean ay nangangahulugang may ilang hamon sa aktwal na pagsasagawa ng mga gawain tulad ng limitadong oras, dami ng mag-aaral, o kakulangan sa kagamitan at materyales. Subalit, nananatili pa rin itong nasa mataas na antas na nagpapakita ng positibong kalagayan ng implementasyon.

Ang pinakamataas na marka sa pagbibigay ng feedback ay isang mahalagang indikasyon na ito ang pinakaepektibong bahagi ng proseso ng pagtatayang nakabatay sa pagganap sa silid-aralan. Ang feedback ay nagsisilbing mahalagang mekanismo upang gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto, mapabuti ang kanilang output, at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga pamantayan ng mahusay na pagganap. Sa pamamagitan nito, nagiging mas dinamiko ang proseso ng pagkatuto dahil nagkakaroon ng tuloy-tuloy na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

**Ang Antas ng Self-Efficacy ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Wika**

Sa bahaging ito, tatalakayin ang resulta ng isinagawang sarbey kaugnay sa antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Layunin ng pagsusuring ito na maisa-isa ang antas ng kanilang akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika, kumpiyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika at kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto sa wika.

**Akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika**

Sinusuri sa talahanayang ito ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral batay sa kanilang akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika. Ipinakikita rito kung gaano kalaki ang paniniwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang umunawa, magsalita, magsulat, at gumamit ng wika sa mga gawaing pang-akademiko.

Talahanayan 6. Antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika bilang akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika.

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Naniniwala ako sa aking kakayahan sa pagkatuto ng wika. | 4.40 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 2. Mas nagiging matatag ang aking paniniwala sa sariling kakayahan sa wika kapag marami ang aking karanasan sa pagkatuto. | 4.30 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 3. Naniniwala akong kaya kong maipakita ang aking kaalaman sa wika sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat. | 4.26 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 4. May sapat akong kumpiyansa upang maipahayag nang malinaw ang aking mga saloobin sa pagsasalita. | 4.25 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 5. Kaya kong iwasto at pagbutihin ang aking isinulat kapag ako ay ginabayan. | 4.23 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 6. Nakakabuo ako ng mga ideya para sa pagsulat nang hindi labis na nahihirapan. | 4.17 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 7. May kakayahan akong magsalita sa harap ng klase gamit ang wastong wika. | 4.15 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 8. Nauunawaan ko ang aking binabasa kahit ito ay mahirap na teksto. | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 9. Kaya kong matukoy ang pangunahing kaisipan ng aking binabasa. | 4.13 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 10. May kumpiyansa akong sumagot sa mga tanong ng guro sa asignaturang wika. | 4.13 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 11. May tiwala akong maipapakita ang aking kakayahan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto. | 4.07 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 12. Hindi ako natatakot magkamali kapag gumagamit ng wika sa loob ng silid-aralan. | 3.95 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| Kabuuang Mean | 4.18 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |

Ipinapakita ng resulta na mataas ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika na may mean mula 3.95 hanggang 4.40. Ang pinakamataas na mean na 4.40 ay mula sa pahayag na "Naniniwala ako sa aking kakayahan sa pagkatuto ng wika", habang kasunod nito ang pahayag na "Mas nagiging matatag ang aking paniniwala sa sariling kakayahan sa wika kapag marami ang aking karanasan sa pagkatuto" na may mean na 4.30. Samantala, ang pinakamababang mean na 3.95 ay may kaugnayan sa pagharap sa pagkakamali at pag-unawa sa mas mahihirap na teksto. Ang mga mean na nasa pagitan ng 4.25 hanggang 4.26 ay nagpapakita rin ng mataas na kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagsasalita at pagsulat.

Nagsasaad ito na mataas ang paniniwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang matuto at gumamit ng wika. Ang maliit na baryasyon mula 3.95 hanggang 4.40 ay nagpapahiwatig na nananatiling mataas ang kanilang self-efficacy sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto ng wika, bagama't may bahagyang pagbaba sa mga gawaing mas komplikado tulad ng pag-unawa sa mahihirap na teksto at pagharap sa pagkakamali. Lumalabas din na ang karanasan sa pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapatibay ng kanilang kumpiyansa, sapagkat habang dumarami ang kanilang karanasan sa paggamit ng wika ay mas tumitibay rin ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan. Ipinapakita rin nito na ang mga mag-aaral na may mataas na self-efficacy ay mas aktibong nakikilahok, mas determinado, at mas handang harapin ang mga hamon sa pagkatuto ng wika.

Ang mga naging resulta ay maaaring maiugnay sa teorya ng self-efficacy ni Albert Bandura, na nagsasaad na ang paniniwala ng isang tao sa kaniyang kakayahan ay nakaaapekto sa kaniyang motibasyon, pagganap, at pagpupursigi. Ayon kay Bandura, ang matagumpay na karanasan ang pangunahing pinagmumulan ng mataas na self-efficacy. Sa konteksto ng pag-aaral, ipinapakita na habang mas nakararanas ang mga mag-aaral ng matagumpay na paggamit ng wika sa pagsasalita, pagsulat, at iba pang gawaing pangwika, mas tumitibay ang kanilang kumpiyansa sa sarili. Datapwat, ipinapakita rin ng mas mababang mean na 3.95 na maaaring magbago ang antas ng self-efficacy depende sa hirap ng gawain at sa hamong kinakaharap ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan ay sinusuportahan ng mga pag-aaral nina Dale H. Schunk at Frank Pajares, na nagsasabing ang self-efficacy ay may mahalagang papel sa akademikong tagumpay, motibasyon, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Schunk at DiBenedetto (2020), ang mataas na self-efficacy ay nakaaapekto sa paraan ng pag-iisip at pagpupursigi ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Usher at Pajares (2018) na ang self-efficacy ay nabubuo sa pamamagitan ng paulit-ulit na positibong karanasan sa pagkatuto. Samakatuwid, ipinapakita ng kasalukuyang pag-aaral na ang positibong karanasan sa paggamit ng wika ay nagdudulot ng mas mataas na kumpiyansa, mas aktibong pakikilahok, at mas mahusay na pagganap sa mga gawaing pangwika.

**Kumpiyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika**

Nakatuon ang talahanayang ito sa antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral batay sa kanilang kumpiyansa sa pagsasagawa ng mga gawaing pangwika. Ipinakikita rito kung gaano kalaki ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang makilahok at maisagawa nang maayos ang iba't

© IJARW | ISSN (O) - 2582-1008
August 2026 | Vol. 8 Issue. 2
www.ijarw.com

ibang gawaing may kaugnayan sa paggamit ng wika.

Talahanayan 7. Antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika bilang kumpiyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Pakiramdam ko ay patuloy na umuunlad ang aking kakayahan sa pagsasagawa ng gawaing pangwika. | 4.32 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 2. Naniniwala akong kaya kong harapin ang mga hamon sa gawaing pangwika. | 4.24 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 3. Naniniwala ako sa aking kakayahan sa pagsasagawa ng mga gawaing pangwika. | 4.23 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 4. May tiwala akong makasusunod sa mga panuto sa mga gawain sa wika. | 4.21 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 5. Naniniwala akong kaya kong magsagawa ng gawaing pangwika sa harap ng klase. | 4.17 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 6. Mas nagiging sigurado ako sa aking kakayahan sa pagsasagawa ng gawaing pangwika habang dumarami ang aking karanasan. | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 7. Naniniwala akong kaya kong tapusin ang mga gawaing pangwika nang may kalidad. | 4.13 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 8. Kaya kong magpokus sa pagsasagawa ng mga gawain sa asignaturang wika. | 4.13 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 9. May kumpiyansa akong humarap sa mga pagsusulit na nangangailangan ng kasanayan sa wika. | 4.12 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 10. Hindi ako nag-aatubiling sumubok sa mga bagong gawain sa wika. | 4.10 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 11. May kumpiyansa akong makipagtalastasan sa aking guro at mga kamag-aral habang gumagawa ng gawaing pangwika. | 4.01 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 12. Hindi ako natatakot magsagawa ng gawaing pangwika kahit ito ay mahirap. | 3.92 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| Kabuuang Mean | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |

Ipinapakita ng resulta na ang lahat ng indikasyon ay may kwantitatibong deskripsiyong "Sumasang-ayon" at kwalitatibong interpretasyong "Mataas ang kumpiyansa". Ang pinakamataas na mean na 4.32 ay mula sa pahayag na "Pakiramdam ko ay patuloy na umuunlad ang aking kakayahan sa pagsasagawa ng gawaing pangwika", ay nagpapakita na kinikilala ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pag-unlad sa paggamit ng wika.

Kasunod nito ang mga pahayag na may mean na 4.24 at 4.23 na may kaugnayan sa kakayahang harapin ang mga hamon at paniniwala sa sariling kakayahan sa pagsasagawa ng mga gawaing pangwika. Samantala, ang pinakamababang mean na 3.92 ay mula sa pahayag na "Hindi ako natatakot magsagawa ng gawaing pangwika kahit ito ay mahirap", na nagsasaad na may pag-aalinlangan pa rin ang ilang mag-aaral sa pagharap sa mas komplikadong gawain.

Mula sa resulta ng mga datos, mataas ang self-efficacy ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika na madalas nilang nararanasan at nagagawa sa loob ng klase tulad ng pagsunod sa panuto, pakikipag-ugnayan, at pagsasagawa ng mga karaniwang gawain. Ang mataas na mean sa persepsyon ng sariling pag-unlad ay nagpapahiwatig na mahalaga ang tuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan sa loob ng silid-aralan sa paghubog ng kanilang kumpiyansa. Habang mas nalalantad ang mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika at nakararanas ng positibong feedback at tagumpay, mas nagiging komportable sila sa pakikilahok sa klase.

Gayunpaman, ang pagbaba ng mean sa pahayag tungkol sa kawalan ng takot sa mahihirap na gawain ay nagpapakita na ang self-efficacy ng mga mag-aaral ay hindi pare-pareho sa lahat ng sitwasyon. Maaaring nagkakaroon ng pag-aalinlangan kapag ang gawain ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng kasanayan, mas malalim na pag-unawa, o pampublikong pagganap na maaaring magdulot ng takot sa pagkakamali o negatibong paghusga mula sa iba.

Ang resulta ay maaaring maipaliwanag sa teorya ng self-efficacy ni Albert Bandura, na nagsasaad na ang paniniwala ng isang tao sa kaniyang kakayahan ay nabubuo mula sa karanasan, tagumpay, at interaksyon sa kapaligiran. Ayon kay Bandura, ang matagumpay na karanasan ang pangunahing pinagmumulan ng self-efficacy. Sa konteksto ng pag-aaral, ipinapakita na ang madalas na exposure ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika sa loob ng silid-aralan ay nakatutulong upang mapalakas ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan.

Gayundin, ipinapakita rin ng mas mababang mean na 3.92 na maaaring bumaba ang self-efficacy kapag ang mga mag-aaral ay humaharap sa mga gawaing hindi pa nila ganap na gamay o may mataas na posibilidad ng pagkakamali. Ipinahihiwatig nito na ang self-efficacy ay isang dinamikong katangian na nakadepende hindi lamang sa kakayahan kundi pati sa uri ng karanasan at antas ng suporta sa kapaligiran ng pagkatuto.

Ang mga natuklasan ay sinusuportahan ng mga pag-aaral nina Wang at Guan (2021) na nagsasabing ang self-efficacy ay mahalagang salik sa pagkatuto ng wika dahil ito ay direktang nakaaapekto sa motibasyon, pagpupursigi, at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may mataas na kumpiyansa sa sarili ay mas aktibong nakikilahok sa mga gawain at mas handang harapin ang mga hamon sa pagkatuto. Dagdag pa rito ang pag-aaral nina Zhang at Ardasheva (2020) na ang self-efficacy ay

malakas na kaugnay ng tagumpay sa pagkatuto ng wika dahil nakaaapekto ito sa pamamahala sa sariling pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay mas nagiging responsable sa kanilang sariling pag-unlad at pagkatuto. Ipinapakita na ang kumpiyansa sa sariling kakayahan ay mahalagang pundasyon ng matagumpay na pagkatuto ng wika.

**Kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto sa wika**

Makikita sa talahanayang ito ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral batay sa kanilang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika. Sinusukat dito kung paano nila napamamahalaan ang kanilang oras, pagsisikap, at mga estratehiya sa pag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika.

Talahanayan 8. Antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika bilang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto sa wika

| Indikasyon | Mean | Kwantitatibong deskripsiyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ko kung kailan kinakailangan ang gabay o tulong mula sa guro o kaklase. | 4.38 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 2. Nakikilala ko ang mahahalagang hakbang upang masiguro ang epektibong pagkatuto. | 4.26 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 3. Ginagamit ko ang angkop na estratehiya upang mas maayos at mabilis matutunan ang wika. | 4.22 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 4. Sinusubaybayan ko ang aking progreso sa bawat hakbang ng pagkatuto ng wika. | 4.19 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 5. Natutukoy ko ang mga aralin o bahagi ng wika na nangangailangan ng karagdagang pagsasanay. | 4.18 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 6. Pinananatili ko ang pokus at konsentrasyon sa panahon ng pag-aaral. | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 7. Nakakaya kong sundin ang itinakdang plano at hakbang ng pagkatuto nang wasto at sistematiko. | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 8. Nakapaglalaan ako ng sapat na panahon sa mahahalagang bahagi ng pagkatuto. | 4.11 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 9. Nakokontrol ko ang sarili upang maiwasan ang mga distraksyon habang nag-aaral. | 4.07 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 10. Nakagagawa ako ng malinaw at sistematikong plano bago simulan ang anumang gawain sa pagkatuto ng wika. | 4.05 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 11. Nakapagtatakda ako ng tiyak na layunin para sa bawat sesyon ng pag-aaral sa wika. | 4.05 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| 12. Nakokontrol ko ang oras na inilaan ko para sa bawat gawain sa wika. | 4.00 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |
| Kabuuang Mean | 4.15 | Sumasang-ayon | Mataas ang kumpyansa |

Sa lahat ng indikasyon, pinakamataas ang mean na 4.38 sa pahayag na "Natutukoy ko kung kailan kinakailangan ang gabay o tulong mula sa guro o kaklase", samantalang pinakamababa naman ang mean na 4.00 sa pahayag na "Nakokontrol ko ang oras na inilaan ko para sa bawat gawain sa wika".

Ipinapakita ng resulta na may mataas na antas ng kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pamamahala ng kanilang pagkatuto sa wika. Nangangahulugan ito na kaya nilang kilalanin ang kanilang pangangailangan sa pag-aaral, gumamit ng mga estratehiya, at humingi ng tulong kung kinakailangan. Ngunit, ang pinakamababang mean sa aspeto ng pamamahala sa oras ay nagpapakita na nahihirapan pa rin ang ilang mag-aaral sa wastong paglalaan at pagkontrol ng oras para sa mga gawaing pangwika. Maaaring maiugnay ito sa kanilang gawi sa pag-aaral gaya ng kakulangan sa maayos na iskedyul, madaling pagkaantala sa gawain o sabayang akademikong responsibilidad. Ipinahihiwatig ng mga datos na ang mga mag-aaral ay kayang pamahalaan at subaybayan ang kanilang sariling pagkatuto. Gayunpaman, ipinapakita rin ng mababang marka sa pamamahala ng oras na may pangangailangan pang mapalakas ang kanilang disiplina at kasanayan sa pagbuo ng mas epektibong gawi sa pag-aaral. Mahalaga ito upang higit nilang mapanatili ang pokus at kahandaan sa pagkatuto ng wika.

Sinusuportahan ito ng pananaw ni Albert Bandura na ang mataas na self-efficacy ay nakatutulong sa kakayahan ng mga mag-aaral na kontrolin ang kanilang pagkatuto at gumawa ng mga angkop na hakbang upang makamit ang kanilang layunin. Ipinapakita rin na ang learner autonomy at mabuting study habits ay mahalagang salik sa epektibong pamamahala ng pagkatuto, lalo na sa aspeto ng paggamit ng oras at pagpapanatili ng pokus sa akademikong gawain.

**Buod ng Antas ng Self-efficacy sa pagkatuto ng Wika**

Ipinapakita sa talahayanan 9 ang antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika batay sa tatlong pangunahing sub-variable, ito ay ang akademikong kumpiyansa sa kasanayan sa wika, kumpiyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika, at kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika.

© IJARW | ISSN (O) - 2582-1008
August 2026 | Vol. 8 Issue. 2
www.ijarw.com

Talahayanan 9. Buod ng antas ng self-efficacy sa pagkatuto ng wika

| Sub-variable | Kabuuang Mean | Kwantitatibong Deskripsyon | Kwalitatibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Akademikong kumpyansa sa kasanayan sa wika | 4.18 | Sumasang-ayon | Mataas ang Kumpyansa |
| 2. Kumpyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika | 4.14 | Sumasang-ayon | Mataas ang Kumpyansa |
| 3. Kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika | 4.15 | Sumasang-ayon | Mataas ang Kumpyansa |
| Kabuuang mean | 4.16 | Sumasang-ayon | Mataas ang Kumpyansa |

Batay sa resulta, ang akademikong kumpyansa sa kasanayan sa wika ay may kabuuang mean na 4.18 na may kwantitatibong deskripsyon na "Sumasang-ayon" at kwalitatibong interpretasyong "Mataas ang Kumpyansa." Samantala, ang kumpyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika ay nakakuha ng mean na 4.14 na may parehong deskripsyon na "Sumasang-ayon" at "Mataas ang Kumpyansa," habang ang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika ay may mean na 4.15 na kapareho rin ng interpretasyon. Ang nalikum na mean na 4.16 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng self-efficacy sa pagkatuto ng wika.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang mga datos ay halos magkakapareho ang antas ng interpretasyon, na nagpapahiwatig ng konsistent at balanseng persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan. Ipinapakita nito na hindi lamang sila may tiwala sa isang partikular na aspekto ng pagkatuto ng wika, kundi sa kabuuang proseso nito mula sa pag-unawa ng konsepto hanggang sa aktuwal na pagsasagawa ng mga gawaing pangwika at pamamahala ng sariling pagkatuto. Ang bahagyang pagkakaiba ng mga mean scores ay hindi gaanong malaki, subalit nagbubukas ito ng pananaw na ang akademikong kumpyansa ang bahagyang nangingibabaw na maaaring dulot ng mas madalas na nararanasan ng mga mag-aaral sa teoretikal na gawain kaysa sa praktikal na aplikasyon. Ang kumpyansa sa pagsasagawa ng gawaing pangwika na may pinakamababang mean na 4.14 ay maaaring magpahiwatig ng bahagyang hamon sa aktwal na implementasyon ng mga kasanayan sa wika gaya ng pagsasalita, pagsulat, o iba pang gawaing pagganap. Bagama't nasa mataas pa rin itong antas, maaaring ito ay indikasyon na ang ilang mag-aaral ay nakararanas ng kaunting pag-aalinlangan, kaba, o limitadong pagkakataon upang maisagawa nang tuloy-tuloy ang kanilang mga kasanayang pangwika sa aktuwal na sitwasyon. Sa kabilang banda, ang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto ng wika na may mean na 4.15 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may kakayahang magplano, magmonitor, at mag-suri ng kanilang sariling pagkatuto, na isang mahalagang indikasyon ng pagiging self-regulated learner.

Ang kabuuang mean na 4.16 ay nagpapakita ng isang matatag at positibong antas ng self-efficacy ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na naniniwala sila sa kanilang kakayahan na matuto at umunlad sa paggamit ng wika, at may sapat silang kumpiyansa upang harapin ang mga akademikong gawain na may kaugnayan sa kasanayang pangwika. Ang mataas na self-efficacy ay mahalagang salik sa pagkatuto sapagkat ito ay direktang nakaaapekto sa antas ng motibasyon, tiyaga, at disiplina ng mga mag-aaral. Kapag mataas ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan, mas nagiging aktibo sila sa pakikilahok sa klase, mas handa sa mga hamon, at mas bukas sa pagkatuto mula sa pagkakamali.

### Ang Ugnayan ng Pagtatayang Nakabatay sa Pagganap at Self-Efficacy ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Wika

Tatalakayin naman sa bahaging ito ang ugnayan ng paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Layunin nitong tukuyin kung may makabuluhang koneksyon sa pagitan ng nasabing pagtataya sa kanilang paniniwala sa sariling kakayahan sa pagkatuto ng wika.

Talahayanan 10. Malayang Baryabol na Iniugnay sa Self-Efficacy

| Baryabol | Pearson r | Sig. value | Interpretasyon | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagtatayang nakabatay sa pagganap | 0.704 | 0.000 | Mayroong makabuluhang ugnayan | Tanggapin ang Alternative na Haypotesis | May Makabuluhang Ugnayan |

Batay sa isinagawang Pearson correlation analysis, natuklasan na mayroong malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral* na may halagang r=0.704. Ipinapakita nito na habang mas epektibo at mas madalas na naipatutupad ang pagtatayang nakabatay sa pagganap, mas tumataas din ang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa paggamit at pagkatuto ng wika.

Samantala, ang p-value na 0.000 ay mas mababa kaysa sa itinakdang significance level na 0.05, kaya ipinapakita na ang resulta ay estadistikang makabuluhan. Dahil dito, tinatanggihan ang null

hypothesis ($H_0$) na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, at tinatanggap ang alternative hypothesis ($H_1$) na may makabuluhang ugnayan ang pagtatayang nakabatay sa pagganap at self-efficacy ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng resulta na mahalagang salik ang pagtatayang nabatay sa pagganap sa pagpapaunlad ng self-efficacy ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Sa pamamagitan ng mga gawaing tulad ng pasalitang komunikasyon, pagsulat, presentasyon, at kolaboratibong gawain, nabibigyan ang mga mag-aaral ng aktwal na karanasan sa paggamit ng wika na nagiging daan upang mapataas ang kanilang kumpiyansa at aktibong partisipasyon sa pagkatuto.

Sinusuportahan ito ng teoryang Self-Efficacy ni Albert Bandura na nagsasabing ang mastery experiences ay nakatutulong sa paghubog ng kumpiyansa sa sariling kakayahan. Kaugnay nito, pinagtitibay rin ng Social Constructivist Theory ni Lev Vygotsky ang kahalagahan ng interaksyon at aktibong partisipasyon sa pagkatuto, na naisasagawa sa pamamagitan ng performance-based tasks.

## 4.PASASALAMAT

Malugod na pagkilala at labis na pasasalamat ang ipinaabot ng mga mananaliksik sa mga natatanging indibiduwal at grupo na naging ilaw at lakas sa paglalakbay na ito tungo sa pagkakabuo ng pag-aaral na ito. Ang kanilang walang kapantay na suporta, paggabay, at pagmamahal ang nagbigay-buhay sa bawat pahina ng pananaliksik na ito.

Unang-una, nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa Poong Maykapal para sa kaniyang walang humpay na biyaya, karunungan, at pagpapala na nagbigay-daan sa kanilang malagpasan ang bawat hamon sa kanilang pananaliksik.

Kay Gemma A. Quimpang, Ph.D., Pangulo ng Don Carlos Polytechnic College na bukas-palad na nagkaloob ng pahintulot upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Ang kaniyang suporta at pagkilala sa kahalagahan ng pananaliksik na ito ay nagbigay-daan sa adhikain na magbahagi ng kaalaman at solusyon sa larangang ito.

Sa tagapatnubay ng pangkat na ito, Bb. Maricris M. Cañeda, na buong pusong nag-alay ng kaniyang talino, oras, at dedikasyon upang gabayan ang mga mananaliksik sa landas ng kaalaman. Ang kaniyang walang sawang pagsuporta at masigasig na pagbabahagi ng karunungan sa asignaturang ito ay nagsilbing inspirasyon at lakas sa paglalakbay bilang mga mananaliksik.

Sa mga kagalang-galang na miyembro ng lupon ng tagapayo, Bb. Jinky A. Literatus, MALE-FIL, Bb. Cleandy Jane R. Obquia, MAEd at Ginoong John Mark Traña, MALT, na walang pag-aalinlangang nagbahagi ng kanilang talino at karanasan. Ang kanilang mahalagang suhestiyon, matatalinong puna, at walang sawang suporta ang nagging gabay na ilaw sa bawat hakbang na nagbigay-linaw at direksyon sa pagbuo ng pag-aaral na ito.

Sa aming pamilya na patuloy na sumusuporta at nagbibigay ng inspirasyon sa amin. Nais nam ing pasalamatan ang inyong pag-unawa at suporta sa aming mga pangarap. Salamat sa inyong walang hanggang suporta at pagmamahal. Sa mga kasamahan at mga kaibigan na nagbigay ng kanilang oras, tulong, at mga opinyon upang mapabuti ang aming ginawang pananaliksik.

Sa mga respondente na nagbigay ng kanilang oras, ang inyong kooperasyon ay nagbigay daan upang makompleto at mapalalim ang aming pagsusuri. Ang kanilang pagiging bukas at kahandaang makibahagi ang nagsilbing haligi at nagbigay-daan upang mabuo itong pananaliksik nang may lalim at kahulugan.

## REFERENCES

[1] Al-Hoorie, A. H., & Szabó, M. Z. (2020). Researching L2 motivation and self-efficacy: A practical guide. Routledge.

[2] Al-Refae, A. (2022). Self-efficacy in teaching and learning to read in English in primary schools [Doctoral dissertation, University of York]. White Rose eTheses Online.https://etheses.whiterose.ac.uk/31418/

[3] Andrade, H., Bennett, R. E., & Cizek, G. J. (2019). Handbook of formative assessment in the disciplines. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315627519

[4] Andrade, H., Du, Y., & Wang, X. (2018). Putting rubrics to the test. Educational Measurement: Issues and Practice, 37(2), 45–54.https://doi.org/10.1111/emip.12190

[5] Andrade, H., Heritage, M., & Brookhart, S. M. (2019). Using formative assessment to enhance learning. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315628856

[6] Andrade, H., Bennett, R. E., & Cizek, G. J. (2019). Handbook of formative assessment. Routledge.

[7] Bandura, A. (1997). Self-efficacy: The exercise of control. W. H. Freeman.

[8] Bautista, R., & Villafuerte, S. (2022). Performance-based tasks and student engagement in Philippine secondary schools. Journal of Educational Realities, 10(2), 45–58.

[9] Black, P., & Wiliam, D. (2018). Classroom assessment and pedagogy. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 25(6), 551–575.https://doi.org/10.1080/0969594X.2018.1441807

[10] Brookhart, S. M. (2018). How to create and use rubrics for formative assessment and grading. ASCD. https://www.ascd.org/books/how-to-create-and-use-rubrics-for-formative-assessment-and-grading

[11] Brookhart, S. M., & Lazarus, S. S. (2017). Formative assessment for learning and teaching. McGraw Hill Education. https://www.mheducation.com/highered/product/formative-assessment-learning-teaching-brookhart/M9780071806879.html

[12] Brown, G. T., & Harris, L. R. (2020). The role of self-assessment in teaching and learning. Frontiers Media SA. https://doi.org/10.3389/978-2-88963-479-8

[13] Brown, G. T. L., Harris, L. R., & Harnett, J. (2018). Teacher beliefs about assessment. Teaching and Teacher Education, 75, 1–14.https://doi.org/10.1016/j.tate.2018.06.001

[14] Butler, Y. G., & Lee, J. (2019). Task based assessment and second language learning. System, 82, 36–48. https://doi.org/10.1016/j.system.2019.02.002

[15] Choi, E., Lim, S., & Park, J. (2018). The impact of self-efficacy on online language learning. Computers & Education, 126, 1–12.https://doi.org/10.1016/j.compedu.2018.07.001

[16] Cruz, J. P., & Villanueva, R. T. (2019). Performance based assessment and critical thinking. Philippine Journal of Education, 98(1), 34–52. https://ejournals.ph/article.php?id=14235

[17] Cruz, J. P., & Villanueva, R. T. (2021). Self-efficacy and performance-based assessment in Filipino. Philippine Journal of Language Teaching, 14(1), 65–80. https://ejournals.ph/article.php?id=17219

[18] Darling Hammond, L., Flook, L., Cook Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Science of learning and development. Applied Developmental Science, 24(2), 97–140.https://doi.org/10.1080/10888691.2018.1537791

[19] DeLuca, C., & Bellara, A. (2020). Teacher assessment literacy. Teaching and Teacher Education, 86, 102929. https://doi.org/10.1016/j.tate.2019.102929

[20] DeLuca, C., Chapman, S., & Klinger, D. (2019). Classroom assessment practices. Educational Assessment, Evaluation and Accountability, 31(2), 183–204. https://doi.org/10.1007/s11092-019-09295-3

[21] Dizon, M. L. (2020). Performance based assessment in Filipino. Philippine Journal of Language Teaching, 12(2), 78–94. https://ejournals.ph/article.php?id=16057

[22] Dizon, R. (2019). Impact of performance-based grading on the academic achievement of Filipino learners.

Philippine Education Quarterly, 15(1), 12–25.

[23] Fulcher, G. (2018). Testing second language speaking. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315167478

[24] Garcia, A. P. (2021). Performance tasks and language learning motivation. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 9(3), 112–126. http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2021/08/APJMR-2021.9.3.12.pdf

[25] Garcia, M. L. (2024). Digital performance-based assessment and its impact on student confidence. International Journal of Educational Technology, 12(1), 102–115. https://doi.org/10.1016/j.ijedutec.2024.10

[26] Hsieh, P., Chiu, M., & Chen, C. (2019). Self-efficacy and engagement in online learning. Educational Technology Research and Development, 67(4), 789–805. https://doi.org/10.1007/s11423-019-09667-4

[27] Hamp Lyons, L., & Heasley, B. (2021). Study writing. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781108689647

[28] Jonsson, A., & Svingby, G. (2017). The use of scoring rubrics. Educational Research Review, 20, 1–20. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2016.11.001

[29] Klenowski, V., & Wyatt Smith, C. (2019). Assessment for education. Sage. https://us.sagepub.com/en-us/nam/assessment-for-education/book260405

[30] Lee, J., & Kim, Y. (2022). The dark side of performance assessment: Stress and self-efficacy. Asian Journal of Pedagogy, 8(4), 301–315. https://doi.org/10.1016/j.ajp.2022.301

[31] Lee, S., Kormos, J., & Yun, H. (2020). Self-efficacy and strategy use in foreign language writing. Language Learning, 70(3), 765–795. https://doi.org/10.1111/lang.12401

[32] Leung, C., & Lewkowicz, J. (2017). Classroom based assessment in second language education. Language Teaching Research, 21(1), 3–22. https://doi.org/10.1177/1362168816664455

[33] Llosa, L., Shin, H. J., & Xi, X. (2017). Classroom based language assessment. Language Testing, 34(2), 1–20. https://doi.org/10.1177/0265532216678573

[34] MacIntyre, P., Gregersen, T., & Mercer, S. (2019). Language learner self-efficacy: Theory and practice. Modern Language Journal, 103(1), 120–137.https://doi.org/10.1111/modl.12512

[35] Magno, C. (2021). Assessment and self-regulation in the Philippine classroom. Rex Bookstore.

[36] McMillan, J. H., Venable, J. C., & Varier, D. (2020). Classroom assessment practices. Journal of Educational Research, 113(1), 1–12.https://doi.org/10.1080/00220671.2019.1709403

[37] Mendoza, R. L. (2019). Self-efficacy and academic performance in Filipino. Philippine Journal of Education, 98(2), 55–70.https://ejournals.ph/article.php?id=14567

[38] Mendoza, R. L., & Alonzo, P. T. (2022). Project based assessment and collaborative learning. Journal of Philippine Education, 6(2), 55–71. https://ejournals.ph/article.php?id=18934

[39] Miller, K., & Lu, X. (2023). Vicarious learning in performance tasks: A longitudinal study. Journal of Educational Psychology, 115(3), 442–456. https://doi.org/10.1037/edu0000782

[40] Nguyen, T. (2024). Authentic assessment and L2 self-efficacy: A case study in Southeast Asia. Language Teaching Research, 28(2), 189–

210.https://doi.org/10.1177/13621688231200000

[41] Norris, J. M. (2016). Task based language assessment. Annual Review of Applied Linguistics, 36, 230–244.https://doi.org/10.101/S0267190516000120

[42] Ozer, B., & Akcay, H. (2021). Self-efficacy and participation in communicative tasks. Journal of Language Teaching and Research, 12(2), 233–245.https://doi.org/10.17507/jltr.1202.03

[43] Panadero, E., Andrade, H., & Brookhart, S. M. (2018). Formative assessment and self regulation. Educational Psychologist, 53(2), 87–103.https://doi.org/10.1080/00461520.2017.1406318

[44] Panadero, E., Jonsson, A., & Botella, J. (2017). Self assessment and learning. Educational Psychology Review, 29(4), 1–25.https://doi.org/10.1007/s10648-017-9409-1

[45] Panadero, E., Jonsson, A., & Botella, J. (2017). Effects of self-assessment on self-regulated learning and self-efficacy: Four meta-analyses. Educational Research Review, 22, 74–98. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2017.08.004

[46] Pajares, F., & Valiante, G. (2019). Self-efficacy in language learning and performance tasks. Contemporary Educational Psychology, 58, 101–113. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2019.02.001

[47] Pedrona, L. M. L. (2020). Factors affecting students' attitude towards performance tasks [Unpublished manuscript]. Foundation University.

[48] Pellegrino, J. W., Chudowsky, N., & Glaser, R. (2018). Knowing what students know. National Academy Press. https://nap.nationalacademies.or/catalog/10019/knowing-what-students-know

[49] Purpura, J. E., & Turner, C. E. (2021). Learning oriented assessment. Language Teaching Research, 25(3), 1–23. https://doi.org/10.1177/1362168820901881

[50] Ramos, L. (2021). Challenges in implementing performance based assessment. Philippine Social Science Journal, 4(1), 66–80. https://doi.org/10.52006/main.v4i1.328

[51] Ramos, L. (2022). Motivation, self-efficacy, and language learning in Filipino students. Philippine Social Science Journal, 5(1), 88–104. https://doi.org/10.52006/main.v5i1.334

[52] Reyes, J. V. (2025). Motivation and assessment preferences among Gen Z Filipino students. Contemporary Philippine Education Review, 4(1), 55–70.

[53] Ramos, L. (2022). Motivation, self-efficacy, and language learning in Filipino students. Philippine Social Science Journal, 5(1), 88–104.https://doi.org/10.52006/main.v5i1.334

[54] Saito, K., & Dewaele, J. M. (2018). Second language speech learning. Language Learning, 68(2), 339–381. https://doi.org/10.1111/lang.12274

[55] Saito, K., Dewaele, J. M., Abe, M., & In'nami, Y. (2018). Motivation, self-efficacy, and speaking performance in foreign language learning. Studies in Second Language Acquisition, 40(4), 747–775.https://doi.org/10.1017/S027226311800017X

[56] Santos, D., & Lopez, E. (2026). The mediating role of teacher feedback in the relationship between PBA and self-efficacy. Journal of Modern Education Systems, 14(1), 22–40.

[57] Santos, E. R. (2022). Teachers perspectives on performance based assessment. Journal of Educational Studies, 15(1), 41–58. https://ejournals.ph/article.php?id=19452

[58] Schunk, D., & DiBenedetto, M. (2020). Motivation and self-efficacy in learning. Contemporary Educational

Psychology, 60, 101–113.https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101830

[59] Shepard, L. A., Penuel, W. R., & Pellegrino, J. W. (2018). Learning and motivation theories. Review of Research in Education, 42(1), 1–32.https://doi.org/10.3102/0091732X18774298

[60] Smith, J. (2023). Empowering learners through performance assessment. Oxford University Press.

[61] Teimouri, Y., Plonsky, L., & Tabandeh, H. (2019). Self-efficacy and second language skill development. Language Teaching Research, 23(6), 699–723. https://doi.org/10.1177/1362168818771490

[62] Thompson, R. (2023). Cognitive engagement and performance-based tasks. Educational Psychologist, 58(2), 89–104.https://doi.org/10.1080/00461520.2023.2183495

[63] Usher, E., & Weidner, T. (2018). Student self-efficacy and academic achievement. Educational Psychology Review, 30(3), 857–885.https://doi.org/10.1007/s10648-017-9416-4

[64] Wyatt Smith, C., Klenowski, V., & Gunn, S. (2020). Teachers judgement practice. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 27(1), 1–20.https://doi.org/10.1080/0969594X.2019.1700681

[65] Zimmerman, B. J. (2000). Self-efficacy: An essential motive to learn. Contemporary Educational Psychology, 25(1), 82–91.https://doi.org/10.1006/ceps.1999.1016

[66] Zimmerman, B. J., Bandura, A., & Martinez-Pons, M. (2020). Self-regulated learning and self-efficacy in educational performance. Journal of Educational Psychology, 112(5), 953–967.https://doi.org/10.1037/edu0000425

Zhang, X., & Cheng, L. (2021). Examining the relationship between performance-based assessment and language self-efficacy. Language Testing, 38(3), 365–388. https://doi.org/10.1177/026